Pangalan: _____ Baitang : _____

Guro: _____ Petsa: _____ Iskor: ____

UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA
FILIPINO 2

I.Panuto: Pakinggang mabuti ang kwento at sagutan ang mga tanong.Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Sayang

Minsan ay may isang ibon ang lumipad upang humanap ng pagkain para sakanyang inakay. Sa may bakuran nakakita ang Inang Ibon ng isang pirasong tinapay. Dahil sa kanyang kapaguran ay nagpahinga muna siya sa sanga ng isang puno.Nakita siya ng isang aso na noon ay gutom na gutom. Napansin nito ang tuka-tukang tinapay ng ibon.Nag-isip siya ng paraan paraa makakuha ang tinapay at saka siya lumipat sa tapat ng ibon.

"Kaibigang ibon, nariyan ka pala! Napakaganda mo ngayon",wika ni Aso. Ibig magsalita ni Ibon ngunit naalala niya ang tangay na tinapay,baka ito mahulog. Tumingin na lamang si ibon.

"Napakaganda mo raw umawit.Pwedebang iparinig mo sa akin ang iyong ginintuang tinig?".Sa pagbuka ng kanyang tuka para umawit ay sabay nahulog ang tinapay.Kaagad itong sinambot ng aso at tatakbong pinagtatawanan ang ibon. Ganoon na lamang ang panghihinayang ni ibon.

1.Sino ang lumipad para humanap ng pagkain?_____

2.Ano ang tangay-tangay nito? _____

3.Paano nakuha ng aso ang pagkain ng ibon?

a.inaway ng aso ang ibon.

b.pinaawit ng aso ang ibon.

c.ibinigay nang kusa ng kusa ng ibon ang tinapay sa aso.

II. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot .

4. May parade sa daan at may narinig siyang tunog na Bum! Bum! Bum! Anong bagay ang narinig niya?

a.gitara b.torotot c.tambol

5.Napatingala si Ben. May narinig siyang nakabibinging ingay ng isang sasakyan sa himpapawid. Ano ito? Eng! Eng! Eng!

a.motorsiklo B.eroplano c.tren

6.Natutulog si Mang Carlos nang siya'y mapukaw ng malakas na ingay ng hayop Nang tiningnan niya ito ay may nakita siyang isang itlog. Ano ingay ang kanyang narinig.

A.mee-mee-mee B.aw-aw-aw c.putak-putak-putak

III. Isulat ang P,KP, PK, KPK,, KKP,KKPK ayon pantig na may salungguhit sa pangngalan

7.kamatis

8.mga

9.prinsesa

10.ekis

IV.Piliin ang titik ng wastong katangian ng tauhan sa bawat sitwasyon.

11.Araw-araw maagang gumising si Nanay Belen. Nagluluto siya ng agahan. Pagkatapos ay inihahatid sa eskwela ang mga anak .

a.masinop c.mapagbigay

b.masipag d.matatag

12.Palagi na lang nakasigaw si Lito sa kanyang mga kapatid. Walang araw na hindi mainit ang kanyang ulo kahit wala namang kadahilanan.

a.magaglitin c.mahinahon

b.matipid d.masipag

13.Araw-araw ay may perang natitira si Lulu mula sa baong ibinibigay ng kaniyang tatay. Hindi niya ito basta ginagastos sa bagay na walang halaga.

a.mahusay c.malakas

b.matipid d.maasahan

Panuto: Bumuo ng salita batay sa sumusunod na pantig.

14.li-ot-sa-ma-mu

15.pa-ran-li-pa

Panuto: Piliin at isulat ang tanging ngalan sa pangungusap.

16.Si Bagsik ay matapang na aso ng tiyo ko.

17.Nakahuli ng malaking dalag si Peter sa ilog .

Panuto: Piliin at kopyahin ang karaniwang ngalan sa pangungusap.

18.Nahulog ang baso ni Roy at ito’y nabasag.

19.Nadapa ang bata at nasugatan.

Panuto: Piliin ang tamang pananda na dapat gamitin sa pangungusap.

20.Mamaya darating (si,sina,nina) Luz at Carla buhat sa Lipa.

21. Ang bahay (sina,nina,ni) Juan ay bagong pinta.

22. Hindi nahuli ni Mang Ato (ang, ang mga) baboy na nagtalunan sa kulungan.

Panuto: Isulat ang kasarian ng sumusunod na pangngalan. Isulat kung ito ay panlalaki,pambabae,di-tiyak,o walang kasarian.

23.madre

24.dahon

Panuto: Hanapin sa loob ng panaklong ang salitang may kaparehong tunog na sinalungguhitang tunog ng salita.

25. <u>ki</u>lay (kidlat,bahay,hibla)

26.suma<u>n</u> (bawang,buwan,lapis)

Pantigin ang mga sumusunod na salita at isulat ang bilang ng pantig sa dulo ng mga salita.

27.kapaligiran

28.tahanan

Panuto:Basahin at sundin ang isinasaad sa panuto:

29.Gumuhit ng dalawang bundok.Sa pagitan ng dalawang bundok ay gumuhit ng araw.

30.Isulat ang buong pangalan sa loob ng kahon.

TALAAN NG ESPESIPIKASYON SA FILIPINO 2

Nilalaman/Layunin	Blg.ng Araw	%	Kinalalagyan ng Aytem				Blg.ng Aytem
			Knowledge	Process/skills	Understanding	Performance	
1.Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kwentong narinig.	5	10%			1-3		3
2.Natutukoy ang huni/tunog na ibinibigay ng iba't ibang sasakyan at instrumentong pang-musika	3	10%				4-6	3
3.Nakikilala ang iba't ibang kombinasyong pantig na bumubuo sa salita.	5	13%	7-10				4
4. Nakikila wastong katangian ng tauhan sa bawat sitwasyon	3	10%		11-13			3
5.Nakakabuo ng salita sa pamamagitan ng iba't ibang pantig.	3	7%		14-15			2
6.Nakikilala ang tanging ngalan ng tao, bagay at hayop	4	7%		16-17			2
7.Nakikilala ang pambalana o karaniwang ngalan.	4	7%		18-19			2
8.Nagagamit ang angkop na pananda para sa tangi/karaniwang ngalan ng tao, bagay,hayop at pook.	5	10%			20-22		3

9.Natutukoy ang kasarian ng pangngalan.	4	7%	23-24				2
10. Natutukoy ang salitang may kaparehong tunog	3	7%	25-26				2
11.Natutukoy ang bilang ng pantig sa dulo ng mga salita.	3	7%			27-28		2
12.Nakakasunod sa panutong napakinggan.	3	7%		29-30			2
KABUUAN	**45**	**100%**	**8**	**11**	**8**	**3**	**30**